タガログ語

Buod na bersyon

# Mga pangunahing alituntunin ng Tsurumi ward para sa interkultural na pagkakaisa

Mayo 2024

## ～Mga direksyon ng mga hakbang tungo sa patuloy na pag-unlad ng isang interkultural na komunidad～

### Layunin ng pagbuo

Ang Tsurumi ward ang nagbuo ng "Tsurumi Ward Intercultural Cohesion Promotion Action Plan" noong 2008 bilang bahagi ng plano na itaguyod ang interkultural na pagkakaisa, at isinusulong namin ang mga iba't ibang hakbang at Gawain kasama ng mga komunidad, mga iba't ibang kumpanya at organisasyon. Pagkatapos nito, dahil sa patuloy na pagdami at pagtaas ng multinasyonalisasyon ng mga dayuhang naninirahan, at pati na rin ang pagbaba ng populasyon, pagdami ng bilang ng mga matanda at kaunting bilang ng kabataan sa lipunan, malaki ang pagbabago sa kapaligiran ng mga residente sa distrito. Kaya, simula sa taong 2021 hanggang 2023, isinagawa ang isang pagsasaliksik tungkol sa kalagayan ng mga dayuhang naninirahan sa Tsurumi ward.


Isinaalang-alang ang mga resulta ng pagsasaliksik na ito at iba pa, ang gabay na ito ay naglalayong muling suriin ang Tsurumi Ward Intercultural Cohesion Promotion Action Plan at ipapakita ang direksyon ng mga hakbang tungo sa patuloy na pag-unlad ng isang interkultural na komunidad.

### Kalagayan ng dayuhang naninirahan sa Tsurumi

—Mula sa pangunahing survey sa bilang ng mga dayuhan sa Tsurumi Ward noong 2021 at basic resident register—

【Pagbabago sa bilang ng mga dayuhan】


Bilang sa katapusan ng Disyembre bawat taon base sa Basic resident register




Sa loob ng dalawang dekada, dumoble ang populasyon at proporsyon ng mga dayuhan sa distrito at sa kasalukuyan, halos isa sa dalampung residente ang dayuhan.

【Bilang ng mga bansa at rehiyon na may higit sa 100 dayuhang residente】


Bilang sa katapusan ng Disyembre bawat taon base sa Basic resident register




Sa pagdami ng iba't ibang nasyonalidad, dumarami rin ang baryasyon ng wika, kultura, at mga gawi. Kaya't iba-iba na rin ang mga pangangailangan at kailangang suporta.

【Proporsiyon sa bawat edad na kategorya】

Datos sa katapusan ng Disyembre bawat taon base sa Basic resident register




50% ng mga dayuhang naninirahan sa distrito ay nasa edad 20's at 30's at ang average na edad ay 35.20 taong gulang. Kung ihahambing sa average ng 44.36 taong gulang ng residente sa distrito kasama ang mga Hapon, mas nakababata ang dayuhan.

### Mga opinion ng mga naninirahan na dayuhan.

- Mula sa Survey ng opinyon ng mga Dayuhan sa Tsurumi Ward sa 2022 at 2023 -

**Mga bagay na nagpapadama ng komportable sa pamumuhay.**

- May mga dayuhan mula sa iba't ibang bansa, kaya madaling makisama. Nagpapalitan ng impormasyon sa mga kababayan at mga katrabahong Hapon.
- Kahit na hindi masyadong marunong mag-nihongo, ang mga magulang ng mga kaibigan ng aking anak sa kindergarten ay mababait at madalas akong kinakausap.
- Noong nagkasakit ang anak, humigi ako ng payo sa kindergarten at nagrekomenda sila ng ospital.
- Binigyan ng payo ng guro sa Nihongo tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay at mga kinakailangan steps para sa trabaho sa Japan.
- Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga aming bansang pagkain at musika sa mga event sa komunidad, naging malapit sa mga residente. May mga lugar na sumasali ang mga dayuhang estudyante sa pista.

**Mga pangangailangan at problema sa pamumuhay**

- Saan maaaring mag-aral ng Nihongo? Maganda sana kung may malapit na pwedeng mag-aral.
- Saan makakakuha ng impormasyon sa pang-araw-araw na pamumuhay? Sana ay ipalaganap nyo ang impormasyon sa multilinggwal at sa paraang madaling maunawaan.
- Sana ay ang importante lang ang isulat sa dokumento at isulat ito nang madali para maintindihan.
- Maraming technical terms sa munisipyo at ospital kaya mahirap maintindihan. Atbp
- Saan pupunta kapag nagkasakit?
- Mahirap ang systema sa school entrance at school entrance exam.
- Kapag nagkaroon ng sakuna, saan dapat lumikas?
- May systema at kultura sa Japan na wala sa sariling bansa tulad ng nursing care insurance at pension. Maganda sana kung may mga bagay na madaling maintindihan o maunawaan. Atbp
- Sana may pagkakataon na magtitipon ang mga dayuhan at makikisalamuha sa mga Hapon din.
- Gustong mag-trabaho na magagamit ang pinag-aralan at skills.
- Gustong malaman ang mga lugar at event na maaaring isama ang bata.
- Hindi malinaw kung ano ang mga gawain ng mga samahan ng mga residente sa komunidad at atbp.

### Mga punto para sa mas madaling pamumuhay ng mga dayuhan

❶ **Suporta sa komunikasyon**

Wika, oportunidad sa pagkuha ng mga impormasyon, tulong sa pag-aaral, atbp.

❷ **Suporta sa pamumuhay**

Pabahay, trabaho, welfare, paghahanda sa kalamidad atbp.

❸ **Pagtataguyod ng pakikilahok sa komunidad**

Pakikilahok sa mga gawain sa komunidad, paggamit ng kakayahan atbp.

タガログ語

## - Ang hangarin -

Isang lungsod na ang bawat isa, kahit ano pa man ang kanilang nasyonalidad o kultura, ay maaaring mabuhay nang masigla, Tsurumi

Tungo sa karagdangang pag-unlad ng intercultural na lipunan, magkakaisa magtulungan ang pamahalaan, mga komunidad, mga kumpanya, at mga organisasyon upang isulong ang mga hakbang.

## 3 na hakbang

### ① Suportang komunikasyon

### 1 Hakbang

Pagbuo ng koneksyon sa pamamagitan ng pagpapabuti ng pag-access sa impormasyon, konsultasyon, at suporta sa pag-aaral.

Upang magkaroon ang mga dayuhan ng kaalaman tungkol sa kinakailangan impormasyon sa pamumuhay pati na rin sa kanilang mga karapatan at tungkulin tulad ng mga Hapon, isusulong namin ang paggamit ng maraming wika, pagpapabutihin ang paraan ng pagpapalaganap ng impormasyon at paggamit ng "Madaling Nihonggo". Kasabay nito ay sisikapin na papalawakin ang opurtunidad sa pag-aaral ng wikang Nihongo.

**Halimbawa…**

- Gawing multilingwal ang pang-araw-araw na impormasyon at pagpapabuti ng translation tool at masigasig na paggamit ng "madaling Nihongo".
- Paggamit ng internet at SNS para sa pagbibigay sa tamang oras na impormasyon
- Patuloy na pagpalaganap ng impormasyon at pagtukoy ng pangangailangan sa pamamagitan ng mga ahensya ng suporta at mga tindahan
- Pagsasanay ng mga volunteer na magtuturo ng Nihonggo at pagpadali sa matching sa mga gustong mag-aral.

### ② Suportang pamumuhay

### 2 Hakbang

Paggawa ng sistema na sumusuporta ng kapanatagan at ligtas na pamumuhay ng bawat tao.

Nagbibigay kami ng mga serbisyo na angkop sa lifecycle at haba ng pananatili upang masuportahan ang mga dayuhan na mamuhay nang ligtas at kapanatagan anuman ang pagkakaiba sa kultura, wika, o sistema.

**Halimbawa…**

- Pagtugon sa konsultasyon ukol sa pang-araw-araw na suliranin
- Suporta at pag-follow-up sa paghahanap ng tirahan at trabaho
- Patuloy na pagbigay ng serbisyong medikal, health at welfare service
- Pagtiyak sa sistema ng daycare at edukasyon
- Pagpapalaganap ng kinakailangan ng paghahanda sa kalamidad at pagpalakas ng mga sistema ng suporta.

### ③ Pagsusulong ng partisipasyon sa komunidad at Lipunan.

### 3 Hakbang

Pagbuo ng komunidad kung saan ang mga dayuhan at mga Hapon ay nag-aaral sa isa't isa at nagtutulungan.

Isinusulong namin ang paglikha ng kultura na nagtataguyod ng intercultural na pagkaisa sa komunidad upang ang mga dayuhan ay mamuhay ng independe bilang miyembro ng lipunan at gumanap ng actibong papel sa iba't ibang komunidad sa kanilang sariling paraan.

**Halimbawa…**

- Pagpapatibay ang ang kaisipan ng sama-samang pamumuhay sa pamamagitan ng pagbigay ng kaalaman ng mga pangunahing alituntunin
- Pagsulong ng pagkakataon para sa komunikasyon sa komunidad sa pamamagitan ng paglalaganap ng paggamit ng multiwikang tool
- Paglikha ng mga lugar kung saan maaaring magpalitan at malaman ng kultura at kaugalian ang mga dayuhan at Hapones
- Pagggawa ng opurnidad para sa mga dayuhan na maibahagi ang kanilang karanasan at kasanayan
- Paggawa ng sistema para pagtugmain ang mga pangangailangan ng komunidad at ng mga dayuhang manggagawa

## Taong nagsusumikap para sa interkultural na pagkakaisa sa Tsurumi.

@Sa restaurant, tindahan, post office at atbp sa loob ng distrito.



Pagpapalakas ng pagpapalaganap ng impormasyon para sa mga dayuhan

Pagbuo ng base para sa pagpapalaganap ng impormasyon atbp

@Sa lahat ng counter ng Tsurumi ward office.



Pagsuporta sa iba't ibang wika at pagsusulong ng "madaling Nihongo"

Paggamit ng translation tools, materyal na sa iba't ibang wika atbp

@Mga organisasyong NPO, mga grupong volunteer atbp.



Suporta para maging independe ang mga dayuhan

Suporta sa pag-aaral, pagpasok sa mas mataas na edukasyon, at pagkuha ng mga kwalipikasyon atbp.

@Tsurumi International Exchange Lounge
@Mga pasilidad ng suporta sa pag-aaral ng Nihongo, Tsurumi Himawari atbp.



Suporta para sa ligtas at maayos na pamumuhay.

Konsultasyon counter, Japanese lesson at atbp.

@International Student House at mga lokal na asosasyon ng komunidad, kapitbahayan atbp.



Pakikisalamuha ng iba't ibang kultura at paglikha ng mga oportunidad para sa paglahok ng mga dayuhan.

Mga cultural exchange event

## Mga hakbang sa pagbuo ng "Mga pangunahing alituntunin ng Tsurumi ward para sa pagkakaisa ng intercultural na distrito"

Pahayag ng pagtatatag ng isang komunidad na interkultural

**Taong 2008**
**Action plan para sa pagsulong ng intercultural na pagkakaisa.**

▶

Taong 2020
Pangunahing pag-aaral sa populasyon ng mga dayuhan (Obhetibong datos)

Pag-aaral ukol sa kamalayan ng dayuhan sa taong 2022 at 2023 (Panayam)
Mga organisasyon at ahensya na sumusuporta, mga dayuhang naninirahan sa distrito

▶

Paggawa ng mga alituntunin

Payo mula sa mga eksperto

Panayam sa mga kaugnay na organisasyon at mga dayuhang naninirahan sa distrito

▶

**Taong 2024**
**Pangunahing alituntunin para sa intercultural na pagkakaisa**

< Ibigsabihin ng "Dayuhan", "Bansa" sa alituntunin na ito ay >

【Dayuhan】………"Mga taong hindi Hapon ang nasyonalidad", "Dayuhang pumunta sa Japan", "Mga taong may root sa ibang bansa ( Hal. : Ang magulang ay isang dayuhan ) " atbp, kasama rito ang lahat ng tao na may anumang kaugnayan sa ibang bansa o rehiyon maliban sa Japan.

【Bansa】…………Tumutukoy ito sa lahat ng bansa at rehiyon maliban sa Japan.

Inilathala : Ward Administration Promotion Division, Tsurumi Ward, Yokohama